# Tradisyon ng Luwa sa Taal, Batangas[1]

*Gloria G. Tamayo*

Sa mga taga-Taal, Batangas ang luwa ay isang patulang papuri at panalangin sa kanilang patron na sina Birhen Caysasay at San Martin. Kadalasan ang luwa ay binibigkas tuwing sasapit ang kapistahan ng dalawang patron. Isinasagawa ang luwa habang ipinuprusisyon ang mga patron. Tumitigil sa tapat ng bahay ng piling luwante para sa pagtatanghal ng luwa.

Walang malinaw na impormasyon na maibigay sa mananaliksik ang mga taga-Taal, Batangas kung saan at paano nagsimula ang luwa, maliban sa paliwanag nilang nakagisnan na nila ang tradisyon ng luwa. Masasabi na sa panahon ng Kastila nagsimula ang luwa sa Taal, at sa iba pang lugar sa Pilipinas na meron ding ganitong tradisyon. May salitang luwa sa diksyunaryong Hispanismo en el Tagalog: "Loa= loa/luwa composición poética en alabanza a alguien, generalmente de la virgen y los santos" (1972). Ganundin, sa diksiyonaryo ni Mamerto Paglinawan: "Loa= f. puri, papuri, tulang papuri na inuukol sa pagdiriwang ng isang santo o ng isang taong marilag. Loa= (sp.) var. luwa, n., poetic panegyric (usually in praise of the Holy Virgen and the Saint)" (1913).

Ang mga depinisyon ng salitang loa sa dalawang sanggunian na nabanggit ay malapit sa pagpapakahulugan sa salitang luwa sa kasalukuyang praktika sa Taal, Batangas. Bagama't ang baybay ay naiiba, mula sa salitang Kastila na loa naisalin sa mga taga-Taal, Batangas bilang luwa. Wala mang malinaw na pinagmulan ang luwa sa Taal, Batangas ang mahalaga ay nanatili itong tradisyon at nagpapatuloy na itinatanghal.

### Mga kilalang mangangatha ng luwa sa Taal, Batangas

Dalawa ang pinakakilalalang kumakatha ng luwa sa Taal, Batangas. Ang dalawang manunulat ng luwa sa Taal, Batangas ay sina Ginoong Anselmo E. Garduce at Bb. Maridi Badillo, itong huli, anak ng yumaong si Ginoong Jose A. Badillo, kilala rin dating manunulat ng luwa sa Taal, Batangas.